

Mga kapatid,

Tax season na! Kayo man ay tapos na sa pagfa-file o nagbabalak kayong ipagpaliban ito sa mga susunod na linggo, magandang oportunidad ang panahong ito ng taon para tingnan kung nabago ba ang tax rate o bracket ninyo. Kung oo, alam ba ninyo ang mga implikasyon nito para sa inyong pangmatagalang pinansyal na strategy?

Posibleng pumasok ang mga tao sa mas mataas na tax bracket nang hindi nila inaasahan kapag nabago ang kanilang kita — halimbawa, kung nabago ang suweldo ninyo, o kung nagretiro na kayo at kumikita kayo mula sa iba't ibang income source. Kung mas mataas ang tax rate ninyo, posible itong magdulot ng mas mababang disposable income o pera na puwede ninyong iwan sa inyong pamilya ayon sa inyong plano.

Puwede ninyong protektahan ang inyong sarili mula sa mga posibleng pagkaluging ito at bumuo ng maaasahang cash value sa pamamagitan ng permanent life insurance sa Knights of Columbus.

Sa permanent life insurance, makakabuo kayo ng cash value na puwede ninyong ma-access nang tax-free habang kayo ay nabubuhay. Puwede rin kayong gumawa ng income tax-free inheritance para sa mga mahal ninyo sa buhay kapag namatay na kayo, kaya naman kapaki-pakinabang ang permanent life insurance sa iba't ibang sitwasyon.

Siyempre, lagi naming inirerekomenda na makipagtulungan din kayo sa isang kuwalipikadong tax advisor o CPA.

Sa pamamagitan ng pag-secure sa inyong pinansyal na kinabukasan at pamana sa pamamagitan ng Knights of Columbus, isinasabuhay ninyo ang bisyon ni Blessed Michael McGivney, na nagtatag sa ating Order 144 na taon na ang nakakaraan ngayong buwan. Ang misyon niyang protektahan ang mga pamilyang Katoliko ay nananatiling mahalaga sa kasalukuyan, gaya ng kung gaano ito kahalaga sa mga unang naging miyembro ilang taon na ang nakalipas.

Ikalulugod kong makausap kayo kung mayroon kayong anumang tanong. Makipag-usap sa akin para makapag-schedule tayo ng appointment.

Salamat!